

# Virtual na Pampublikong Pagdinig sa Proposal - Federal CCR Permit Program

## Tungkol sa Mungkahi

Iminumungkahi ng EPA ang isang maayos, mabisa, pinapahintulutan ng pederal na programa para sa pagtatapon ng coal combustion residuals (CCR) sa mga surface impoundment at landfill, na kinabibilangan rin ng electronic na pagpapahintulot. Kumikilos ang EPA batay sa mga natutunan sa mga taong nakalipas sa pagkilos para sa mga gawaing may kinalaman sa mapeligrong basura at pagpapahintulot sa ibang mga programa na magdisenyo ng mabisa at pederal na proseso na pinapahintulutan ng CCR. Ang proposal na ito ay kinabibilangan ng mga kahilingan para sa application para sa pederal na CCR permit, pahintulot at pagbabago, at pati na rin mga kahilingan sa pagsasagawa ng proseso. Nais na ipatupad ng EPA ang programa para sa permit na ito nang direkta sa Indian Country, tulad nang ginagawa nito sa iba pang mga programa ng Resource Conservation and Recovery Act (RCRA), at sa mga unit ng CCR na matatagpuan sa mga estado na hindi nag-sumite ng sarili nilang CCR permit na programa para maaprubahan.

Ang EPA ay tatanggap ng komento mula sa publiko sa mga namungkahing pagbabago hanggang sa hating gabi ng Abril 20, 2020 hanggang <https://www.regulations.gov> (docket number EPA-HQ-OLEM-2019-0361). Dagdag pa sa pagtatanggap ng mga nakasulat na komento, ang EPA ay magsasagawa ng isang virtual o online na pampublikong pagdinig. Ang virtual na pampublikong pagdinig ay magkakaloob sa mga interesadong tao ng oportunidad na magpakita ng impormasyon, mga komento o pananaw hinggil sa mungkahi ng EPA.

## Mga Detalye ng Virtual na Pampublikong Pagdinig

Ang EPA ay magsasagawa ng isang virtual na pampublikong pagdinig tungkol sa mungkahing ito sa Miyerkules, Abril 15, 2020. Ang pagdinig ay magsisimula sa oras na 9:00 a.m. Eastern Time (ET) at magwawakas sa oras na 6:00 p.m. ET. Kung kinakailangan, ang pagdinig ay maaaring mas mahuli para mapahintulutan ang lahat na nais magsalita.

Ang binigkas na testamento ay limitado lang sa limang (5) minuto kada tao. Kung inaasahan ng EPA ang maraming mga dadalo, ang itatalagang panahon kada testamento ay maaaring paiksiin nang hindi mas kakaunti sa tatlong (3) minuto para mapahintulutan ang lahat na nais magbigay ng testamento. Maaaring magtanong ang EPA ng naglililaw na mga tanong habang isinasagawa ang mga ora na presentasyon, pero hindi pormal na sasagot habang nakikinig sa mga komento o impormasyon na ipinakita sa pagdinig. Isang transkripsyon ng bawat salita na sinabi sa pagdinig ay isasama sa docket para sa kilos na ito.

*Tala: Huwag magpakita o magsumite sa pagdinig ng anumang impormasyon na ikinokonsidera ninyong kompidensyal na impormasyong pang-negosyo o iba pang impormasyon na ang pagsisiwalat ay ipinagbabawal ayon sa batas.*

## Pagrehistro

Magrehistro para makadalo sa virtual na pampublikong pagdinig sa pamamagitan ng

GoToWebinar na pagrerehistro mula dito:  
<https://attendee.gotowebinar.com/register/3280895823135118604>.

***Kung nais ninyong magbigay ng testamento sa pagdinig:*** Ang mga kahilingan para magsalita sa pampublikong pagdinig ay dapat gawin nang hindi lalampas sa 5:00 p.m. ET sa Lunes, Abril 13, 2020. Ang pagpaparehistro ay nagtitiyak na may slot kayong makapagsalita. Mangyaring ipahiwatig ang inyong nais na time slot kapag sinusulatan ang registration form. Ang mga dagdag na instruksyon kug paano magsalita habang isinasagawa ang pagdinig ay ipapadala sa email kasunod ng pagpaparehistro.

Kung hindi kayo magparehistro sa deadline at nais na magbigay ng oral na testamento, maaaring pahintulutan ng EPA, kung may oras, ang ilan o lahat ng di nakarehistrong tao na magbigay ng oral na testamento sa pampublikong pagdinig. Ikokonsidera ng EPA ang nasabing mga kahilingan sa first-come, first serve na batayan habang isinasagawa ang pagdinig kung may oras. Kailangan ninyong magparehistro gamit ang registration form ng GoToWebinar para makakuha ng mga instruksyon sa pag-login at tapos ay magpadala ng mensahe sa organiser ng pagdinig para hilingin na makapagsalita.

***Kung nais ninyong makinid sa pagdinig:*** Maaari kayong magparehistro kahit kailan para makinig sa virtual na pampublikong pagdinig. Mangyaring magrehistro gamit ang GoToWebinar registration form.

## **Mga Espesyal na Akomodasyon**

Kung kailanganin ninyo ng mga serbisyo ng isang tagasalin-wika, hinihiling namin sa inyong hilingin ang mga serbisyong iyon gamit ang GoToWebinar registration form nang hindi lalampas sa oras na 5:00 p.m. ET sa Miyerkules, Abril 1, 2020 para makapaglaan ng sapat na oras para masaayos ang nasabing mga akomodasyon.

Kung kailanganin ninyo ng closed captioning o iba pang mga espesyal na akomodasyon, mangyaring

hilingin ang mga nasabing serbisyo sa pamamagitan ng GoToWebinar registration form nang hindi lalampas sa 5:00 p.m. ET sa Miyerkules, Abril 8, 2020.

## **Mga Tanong**

Para makakuha ng impormasyon tungkol sa namungkahing tuntunin, bumisita sa aming website sa: <https://www.epa.gov/coalash/proposed-rule-disposal-coal-combustion-residuals-electric-utilities-federal-ccr-permit>

Mag-sumite ng mga tanong tungkol sa virtual pampublikong pagdinig sa pamamagitan ng aming website.

<https://www.epa.gov/coalash/forms/virtual-public-hearing-proposal-federal-ccr-permit-program#questions>